**Pamagat**: Mga Tumutulong sa Paglalakbay

**Texto**: 3 John 2 "Beloved, I wish above all things that thou mayest prosper and be in health, even as thy soul prospereth."

*Pagsasalin*: Minamahal, aking idinadalangin na sa lahat ng mga bagay ay madala ka sa kaunlaran at magkaroon ng kalusugan, gaya naman ng iyong kaluluwang dinadala sa kaunlaran.

**Panimula**:

1. Ito ay ang pinaka-maikling aklat sa buong Biblia. Ito ay isang personal na liham ni Apostol Juan sa isang lider ng simbahan sa katapusan ng unang siglo.
2. Konektibo ito sa Panginoong Jesus at sa iba pang mga liham ni Juan. Si Jesus ay ang way, the truth, and the life. 1 Jn. = Jesus is the Life (1:2); 2 Jn. = Jesus is the Truth (2 Jn. 2); 3 Jn. = Jesus is the Way (3 Jn. 11).
3. I Jn. ang mga babala ay patungkol sa mga Gnostics; 2 Jn. ay sa mga Apostates; 3 Jn. ay sa mga Dividers (panloob).
4. Ang addressee ng 3 John ay si Gaius - certainly siya ay convert ni John (v.4 – "my children").
5. Five characters are mentioned: The Elder (John); Gaius; Diotrophes (v.9); Demetrius (v.12); "for His name's sake" (v.7) – the Lord Jesus.

I. **Pag-ibig**: (v.1)
   - A. Si Gaius ay "wellbeloved" (dearly beloved) – pinakamamahal o kaibig-ibig.
     - A.1. Ang kaluluwa na malusog, masigla, at may kaunlaran ay ang nakaranas ng pag-ibig ng Diyos.
     - A.2. Ang kaluluwa na malusog, masigla, at may kaunlaran ay marunong mag pakita ng pag-ibig sa kapatiran.
   - B. Aking iniibig sa kataotohanan:
     - B.1. Walang kasinungalingan ang pagmamahal sa kanya ng Apostol.
     - B.2. Pinoprotektahan ng katotohanan ang pag-ibig.
     - B.3. Ang katotohanan at pag-ibig ay parang pakpak – hindi makakalipad kapag kulang ito o hindi ito magkasama.

II. **Kagalakan**: (v.1)
   - A. Ang pangalang Gaius ay "to rejoice." (upang magalak).
   - B. Ang kagalakan ay inilagay ng Dios sa puso ng Christiano: Psalm 4:7.
   - C. Ito ay bunga ng Espiritu. Galatians 5:22.
   - D. Ito ay dala ng pagbabasa ng Salita ng Dios, Jeremiah 15:16.
   - E. Ito ay ang tamang pamamaraan sa pagtanggap ng ebanghelyo, 1 Thessalonians 1:6.
   - F. Ito ay dulot ng presensya ng Dios, Psalm 16:11. – Ang humahadlang dito ay kasalanan.

III. **Mga Panalangin**: (v.2) – "I wish" - εὔχομαι – *euchomai*. "to pray to God."
   - A. Tama lamang na ipag-pray natin ang kalusugan ng katawan. "Health is Wealth"
   - B. Mayroon relasyon ang grasya at kalusugan:
     - B.1. Ito ay dalawang pagpapala galing sa Dios.
     - B.2. Grasya ay nagpapabuti ng kalusugan.
     - B.3. Ang kalusugan naman ay ang gumagamit ng grasya.
     - B.4. Karaniwan na ang grasya ay namamalagi sa katawan na hindi malusog. (Magtiwala)
   - C. Kaya tayong nananalangin para sa kalusugan ng Christiano ay upang masdakilang grasya ang magniningning sa buhay niya.

**Katapusan**:

1. Panisin natin ang salitang: Prosper (kaunlaran, kasaganahan, bumuti, magkapalad).
2. Sa Greek ito ay εὐοδόω – euodoō – "to help on the road." (makatulong sa paglalakbay).
3. Tayong mga Christiano ay patungo sa langit. Itong mga ilang bagay ay tulong lamang sa ating paglalakbay. Galing ito sa Christian Fellowship, at base ito sa ating relasyon kay Jesus.